Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-70 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng：Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Marso 31, 2021
（Wikang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
（Wikang Hapon na madaling maintindihan）http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html


## Pagbati mula sa Tagapangulo

Ako si Lahiru Sanketha Perera, ang tagapangulo ng ika-13 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Nagagalak akong makilala kayong lahat.

Sa Lungsod ng Kawasaki, kung saan nakatira ang halos 46,000 mga dayuhang mamamayan, maraming pagsisikap ang ginagawa para sa ating mga dayuhang mamamayan. Isa dito ang pagkakaroon ng “Pagpupulong ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Mamayan” na nagsimula noon 1996.

Kaming mga kinatawan ay nagmula sa iba’t ibang bansa, ngunit iisa ang aming hiling na ipagpabuti ang Lungsod ng Kawasaki at gawin itong lugar na mabuting pamuhayan ng mga dayuhan. Sa mga pagpupulong, iba’t ibang diskusyon ang isinasagawa para sa layuning ito. Manyaring bisitahin kami sa pagpupulong kung interesado kayo sa diskusyon.

Tagapangulo ng Ika-13 Termino, Lahiru Sanketha Perera



## Nais mo bang making ng Pagpupulong?

**——Iskedyul ng meeting para sa 2021——**

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras： mula 2pm hanggang 5pm

| | | |
|---|---|---|
| Ika-1 meeting | Unang Araw | Abril 11, 2021 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Mayo 23, 2021 (Linggo) |
| Ika-2 meeting | Unang Araw | Hunyo 20, 2021 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Setyembre 12, 2021 (Linggo) |
| Ika-3 meeting | Unang Araw | Oktubre 17, 2021 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Disyembre 5, 2021 (Linggo) |
| Ika-4 na meeting | Unang Araw | Enero 16, 2022 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Pebrero 6, 2022 (Linggo) |

**Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!**

# Ulat mula sa mga Komite

◆ Komite ng Internasyonal na Komunidad

Ako si Kiyomi Maeda, ang napiling Tagapangulo ng Komite ng Internasyonal na Komunidad. Sa komite na ito, aming pag-uusapan ang 1) Pagsasalo ng magkaibang kultura, 2) Kontribusyon sa Pamayanan, at 3) Pagbuo ng online na komunidad na pinamumunuan ng pamahalaan. Napagdiskusyonan naming ang 1) Pagsasalo ng magkakaibang kultura. Sa diskusyon, narinig namin ang mga opinion na “maraming pagsisikap ang ginagawa sa Kawasaki International Center, ngunit hindi napapararating ang impormasyon na ito sa mga dayuhan”, at “bakit hindi magtulungan ang ward office at Kawasaki International Center?”.

Sa susunod, nais naming talakayin an mga solusyon sa mga isyung nalaman sa diskusyon, upang mas maipabuti ang pamumuhay ng mga dayuhan sa Kawasaki. Nais din namin na gumawa ng mga rekomendasyon upang magsilbing modelo ang mga pagsisikap ng Lungsod ng Kawasaki para sa ibang pamahalaan.

Tagapangulo ng Komite ng Internasyonal na Komunidad, Kiyomi Maeda

◆ Komite para sa Ligtas na Pamumuhay

Ako si Nontticha Kodama, ang napiling Tagapangulo ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay. Sa komite na ito, aming pag-uusapan ang 1) Medikal at insurance, 2) Nursery at kindergarten, at 3) Pag-iwas sa Sakuna. Sa mga meeting, napagdiskusyonan naming ang 1) Medikal at insurance. Sa diskusyon ay narinig ang opinion na “maaari bang personal na magrequest ng translator na pang-medikal?”, at “paano gumagana ang multi-lingwal na 119?”.

Sa susunod, habang nakikinig sa opinion ng mga miyembro, nais kong magsikap na pagsamahin ang mga ito upang makabuo ng mabuting rekomendasyon.

Tagapangulo ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, Nontticha Kodama

## Pagpapakilala ng Bagong Kinatawan

Ang kinatawan na si Stephen Bolger (Australia) ay kinailangang bumitiw sa tungkulin. Dahil dito, bagong sasali si Sara Deena Scarf bilang Kinatawan.



Sara Deena Scarf (Amerika)

Ako ay sasali sa gitna ng termino ng pagpupulong, ngunit gagawin ko ang aking makakaya sa bagong responsibilidad. Katulong ang lahat, nais kong makibahagi sa pag-gawa ng mabuti at maginhawang kapaligiran.

## Pagtuklas sa Masaganang Kalikasan at Natatanging Kasaysayan ng Asao Ward

### Ang mabighaning Asao Ward sa Hilagang Kanluran ng Kawasaki

**Ozenji Furusato Park**

Ang Ozenji Furusato Park ay naisagawa bilang gunita sa ika-60 anibersaryo ng samahang municipal. Isinagawa sa tema ng tubig at halaman. May mga daan para sa paglalakad kung saan makikita ang mayamang kalikasan ng Tama Hills. Meron ding malawak na damuhan para sa mga picnic. Ang mga bata at matatanda ay parehong mag-eenjoy sa pagpunta dito. Sa magandang panahon, maaaring makita ang Mt. Fuji, at meron ding ilog kung saan pwede maglaro sa summer. Dahil may parking area, isa itong inirerekumendang lugar para sa pamilyang may mga maliit na bata.

**Okagami District**

Sa timog at kanluran ng Asao Ward ay ang Okagami district. Ang lugar na ito ay mapupuntahan gamit ang Asao Walking Course mula sa Odakyu Line Kakio Station. Ito ay napaliligiran ng Lungsod ng Machida, Tokyo at Lungsod ng Yokohama, Kanagawa. Ito ay dahil noong 1938, ang bayan ng Okagami ay inutusang makisama sa Lungsod ng Yokohama o Lungsod ng Kawasaki. Dahil malalim ang relasyon sa bayan ng Kakio, nagdesisyon na sumali sa Lungsod ng Kawasaki. Sa lugar na ito ay may elementarya ngunit walang middle school. Ang mga nasa middle school ay sumasakay ng tren mula Tsurukawa station hanggang Kakio Station upang pumunta ng eskwela.

Ji Ha Yun / Chenglong Xu

## Alam mo ba ang Fureai Child-Rearing Support System?




*Ako ay dayuhang ina ng dalawang bata. Walang kamag-anak na naninirahan sa malapit. Wala din akong maaasahan kung kailangan. Madalas kong iniisip kung ano ang dapat gawin kapag nagkaproblema sa pagpapalaki ng anak. Noong nakalipas na taon, aking napag-alaman ang Fureai Child-Rearing Support System, at naging masaya at madali ang pag-aalaga ng bata.*

*Sa Fureai Child-Rearing Support, pwede pansamantalang ipaalaga ang mga batang mula apat na buwan hanggang grade 6 ng elementarya. Napakadali ng pag-gamit nito. Tumawag sa Fureai Child-Rearing Support Center ng tinitirahan na lugar at ipaalam ang nais na suporta (pagsundo, pagpahinga, pagtrabaho, atbp). Pagkalipas ng isang linggo, may ipapakilalang helper na tutulong sa nais na suporta. Kapag nakahanap ng helper, tatawag ang center sa inyo. Pagkatapos noon ay magmimeeting kayo upang makilala ang helper. Sa meeting na ito, pwedeng magdesisyon kung gagamitin ang tulong ng helper o hindi. Kapag nais na gamitin ang tulong helper, magreregister ng pag-gamit. Ang bayad sa pag-gamit ay 1,200 yen na taunang bayad, 700 yen bawat oras tuwing Lunes hanggang Biyernes, at 900 yen bawat oras sa Sabado, Linggo, at Holidays. Noong nalaman ko ang suporta na ito, naisip ko na mabuti at nakatira ako sa Kawasaki.*

Nontticha Kodama

# Pagpapalipas ng Oras sa Bahay sa Panahon ng Corona



**Nais mo bang magsimula ng hardin ng gulay sa bahay?**

Nakatutuwang kumain ng gulay na itinanim mo mismo. Magiging masaya din ang araw-araw na pamumuhay sa bahay. Isa rin itong paraan ng pagtitipid dahil mahal ang presyo ng gulay. Nais kong ibahagi ang ilang preparasyon para sa pagkakaroon ng hardin ng gulay sa bahay.

Sa simula, para sa mga nangungupa sa tirahan, mangyaring itanong sa may-ari kung ayos lang na magtanim ng gulay sa bahay. Sunod, ihanda ang mga kailangan para sa pagtatanim. Pwedeng bumili ng mga kailanganin sa 100yen shop. Pagkatapos nito, pag-isipan kung ano ang nais na itanim. Kung sa summer, madaling magpalaki ng kamatis, talong, pipino, at ampalaya. Pagkatapos ay maghintay para sa pag-ani ng tinanim.

Arianne Dumayas

**Nais mo bang maglaro ng BANH DUA, isang tradisyunal na laro ng Vietnam?**



1) Sa isang kamay, hawakan ang bola, sa kabilang kamay ay humawak ng sampung chopsticks. Ihagis ang bola, at habang nasa ere, ilatag ang chopsticks, at kunin ang bola sa unang talbog. 2) Muling ihagis ang bola sa ere, sa unang talbog ay kumuha ng isang chopstick. Ituloy ito at kumuha ng 2, 3 chopsticks. Kapag hindi nakuha ang bola o chopsticks, makipalit sa susunod na tagalaro. 3) Sa susunod na pagluro, ituloy sa pinaghintuan. Panalo ang makakakuha ng 10 chopsticks.

Thi Thu Trang Ngyuen

## Pagpakilala ng SNS Account ng Multicultural Promotion Section

Sa account na ito, ibabahagi ang mga impormasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhang mamayan at mga panukalang multi-kultural sa Lungsod ng Kawasaki. Mangyaring i-access ang Facebook/Twitter mula sa URL/QR Code na ito:

**Facebook** https://www.facebook.com/kawasaki.tabunk/

**Twitter** https://twitter.com/kawasaki_tabunk

**Para sa tanong**

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
9th Floor Frontier Building Ekimae-Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007
Tel : 044-200-2846　Fax : 044-200-3707　E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用